Ang ginagawa ng HQ, sa loob ng dalawang minuto

Sinasagot ng HQ ang mga customer mo, nagbu-book ng trabaho kasama ang team mo, at sinusubaybayan ang bawat trabaho hanggang mabayaran.

Mga hakbang

1. Nagte-text ang customer sa HQ number mo, tumatawag dito, o gumagamit ng chat sa website mo.
2. Tinatanong ng HQ kung ano ang kailangan nila at gaano ito ka-urgent, at nag-aalok ng totoong oras mula sa totoong oras ng team mo.
3. Tinatanggap ng technician ang trabaho. Walang kinukumpirma sa customer hangga't hindi nila ito ginagawa.
4. Nagpapatuloy ang trabaho sa iisang lugar: ang quote, ang pagbisita, mga litrato, ang invoice at ang bayad.

Mabuting malaman

Hindi kailanman nag-i-install ng app o gumagawa ng account ang mga customer. Nagte-text, nagcha-chat o tumatawag sila, at nagbabasa ng simpleng web page na ipinapadala mo.

Walang nangyayari nang kusa. Puwedeng magmungkahi at mag-draft ang HQ at si Orsa, pero isang tao sa team mo ang nag-aapruba ng bawat booking, mensahe at pagbabago.

Puwede mong i-on at i-off ang mga feature para sa kompanya mo, at laging gumagana ang mga simpleng screen, kahit naka-off ang AI.